PARA SA MABILISANG PAGRE-RELEASE:

Walang-Karneng Kilusan Tinalakay ang Pagbabago ng Klima: Pinagkaisa ng Website ang Internasyonal na Petisyon

Los Angeles, California – August 20, 2009 – Ang pagkilos upang labanan ang pagbabago ng klima ay naging mas madali. Ang kilusang MeatFree ay lumaganap na sa buong mundo sa tulong ng kakaibang website. Pinagsama-sama at pinagdugtong-dugtong ng MeatFreePetition.com ang mga petisyon ng iba't ibang bansa na naghihikayat sa gobyerno na suportahan ang isang araw na walang-karne sa loob ng isang linggo. Tinutulungan nito ang mga tao na may malasakit hinggil sa pagbabago ng klima na ipakita ang kanilang suporta sa pamamagitan ng pagpirma sa petisyon at pagbabahagi nito sa kanilang mga kaibigan sa buong mundo.

Ang mga singaw ng mga greenhouse gas mula sa paghahayupan ay isa sa pinakamatinding nagpapalala ng pag-init ng mundo. Ang agrikultura ng paghahayupan ay responsable sa 14-18 porsyente ng pangkalahatang singaw ng greenhouse gas sa buong mundo, higit pa sa lahat ng singaw ng mga sasakyan at iba pang uri ng transportasyon.[1]

Ang ilan pang katotohanan tungkol sa epekto ng produksyon ng karne sa pagbabago ng klima:

- Ang produksyon ng karne ay nagdudulot ng mga singaw ng nitrous oxide at methane – mas matinding greenhouse gases kaysa sa carbon dioxide.[1,2]
- Ang produksyon ng karne sa buong mundo ay nagdoble o higit pa mula 1970 at tinatayang magdodoble uli sa pagsapit ng 2050.[1]
- Ang pangangailangan sa himlayan at pakain o feeds sa malakihang produksyon ng karne ay nagbubunga ng pagkakalbo ng kagubatan.[2]
- Ang industriya ng paghahayupan ay gumagamit ng napakalaking porsyento ng lupain, sariwang tubig, at enerhiya, at syang pangunahing sanhi ng polusyon sa tubig sa buong mundo.[1,2]
- Ang sektor ng paghahayupan ang isa sa nangungunang dalawa o tatlong pinaka may malaking kontribusyon sa pagkasira ng kalikasan, maging sa pang-bansa hanggang sa pang-buong mundo.[1]

Kamakailan lang, ang civic government ng Ghent Belgium ay nagtakda ng batas na naghahayag ng isang Vegetarian Day , isang araw sa isang linggo upang bawasan ang carbon footprint ng siyudad. Ang pangulo ng united Nations Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC), si Dr. Rajendra Pachauri, ay nagrekomenda ng lingguhang hindi-pagkain ng karne bilang simple, subalit epektibong paraan upang labanan ang pagbabago ng klima: "Kung babawasan mo ang pagkain mo ng karne, mas magiging malusog ka at pati narin ang planeta... matutulungan nito ang mga mamamayan ng buong mundo dahil ang kabuuang proseso ng karne ay napaka, napaka tindi pagdating sa carbon dioxide emissions." Noong 2007, si Dr. Pachauri at ang IPCC ay nanalo ng Nobel Peace Prize dahil sa kanilang mga gawain sa isyu tungkol sa kalikasan at pagbabago ng klima.

Ang iba pang pamahalaan na sumusuporta sa vegetarianism/pagkamakagulay o hindi-pagkain ng karne upang pigilan ang pagbabago ng klima ang ang mga sumusunod: Sweden, Germany, Britain's National Health Service, at Cincinnati, Ohio. Ang parehong gawain ay ipinapatupad na din sa iba pang mga bansa. Bukod sa partisipasyon ng gobyerno, ang mga organisasyon, mga negosyante at ang mga indibidwal ay nakikiisa. Halimbawa, si Sir Paul McCartney ay pinamumunuan at Meat-Free UK at si Hohns Hopkins Bloomberg School of Public Health ay nagpapalaganap ng Meatless Monday USA. Ang mga gawaing ito ay nagpapataas ng

kamalayan, nakapaghihikayat ng pagkilos ng bawat isa at nagpapalaganap ng maraming pakinabang ng pagkaing-mula-sa halaman upang mapangalagaan ang kalikasan at maingatan ang kalusugan ng mamamayan.

Ang gumawa ng MeatFreePetition.com, si Leron Rabinowiz, ay umaasang maraming mga tao ang bibisita ng website na ito upang pumirma sa petisyon ng maaga para sa susuod na malakihang internasyonal na pagpupulong tungkol sa pagbabago ng klima sa Copenhagen (Disyembre 2009). "Ang mga petisyon na ito ay makakatulong na suportahan ang mga tagapag-desisyon upang isama ang walang-karneng mga araw (meat-free days) bilang epektibong patakaran sa mga susunod na pagpupulong. Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga may malasakit na indibidwal, binigyan namin ang sinoman ng paraan upang maging responsable at suportahan ang gawain ng pamahalan sa pagpigil ng pagbabago ng klima."

News contact:

Leron Rabinowiz
info@MeatFreeMovement.org
1.818.921.4845
P.O. Box 8398
Van Nuys, CA 91409
www.MeatFreePetition.com

Pinagkunan at karagdagang impormasyon:

[1]Steinfeld et al. (2006) *Livestock's Long Shadow: Environmental Issues and Options.* Rome: UN Food and Agriculture Organization (FAO)
[2]McMichael, A., Powles, J., Butler, C., Uauy, R. (2007) Food, livestock production, energy, climate change, and health. *The Lancet*. Sept. 13, 2007
http://en.wikipedia.org/wiki/Meatless_Monday
http://www.meatlessmonday.com/history/
http://www.vegetarisme.be/index.php?option=com_content&view=article&id=767
http://www.dailymail.co.uk/news/article-1053270/Everyone-meat-free-day-week-tackle-climate-change-says-UN.html